7

# Lingguhang Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 3

Aralin 2

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan 7**
**Kuwarter 3: Aralin 2 (Linggo 2)**
**TP 2024-2025**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para paunang papapatupad o implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Joan F. Alim (Saint Louis University)

**Tagasuri:**
- Voltaire M.Villanueva, Ph.D. (Philippine Normal University – Manila)

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa nasyonalismo at pagkabansa sa konteksto ng kolonyalismo sa Pilipinas at Timog-Silangang Asya. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakapagsasagawa ng pagtatanghal na nagpapahalaga sa nasyonalismo at pagkabansa ng Pilipinas at Timog-Silangang Asya sa konteksto ng kolonyalismo. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan:**<br>1. Natatalakay ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa konteksto ng daigdig at Pilipinas.<br>2. Natutukoy ang mga hamon sa pagkabansa ng Pilipinas matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig.<br>3. Nakapagbubuod ng mga hamon sa pagkabansa ng Pilipinas matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. |
| **D. Nilalaman** | 1. Hamong Pang-ekonomiya (lumalaking agwat sa pagitan ng mayaman at mahirap, hindi maunlad na sektor ng agrikultura, kawalan ng basehang industriyal)<br>2. Hamong Pangkultura at Panlipunan Pagkakakilanlang Pilipino at Programa sa Pagsulong ng Kapakanan at Kagalingan ng mga Grupong Etniko, Pag-usbong ng mga Kilusang Komunista at Moro bunsod ng mga Suliraning Panlipunan |
| **E. Integrasyon** | • Napapanahong isyu sa aspektong hamon sa pagkabansa ng Pilipinas<br>• Kasalukuyang pangyayari na may kaugnayan sa hamon sa pagkabansa ng Pilipinas |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


Abulencia, A. S., Lodronio, R. G., Antonio, E.D., Imperial, C. M., & Soriano, C. D. (2020). Pamahalaan, programang pangkababaihan, at edukasyon sa South at Western Asia. In Kayamanan: Araling Asyano (pp. 290-292). Quezon City, Philippines: Rex Printing Company, Inc.

Alagad ng Kasaysayan. (2021). Ang neokolonyalismo, mga pagbabagong pang ekonomiya at antas ng pag unlad sa timog at kanlurang Asya. https://www.youtube.com/watch?v=DP1T2YaWk1k&t=27s.

Altermidya (2023). Pinoy weekly's Issue on 2024 Budget. Twitter. https://twitter.com/altermidya/status/1712406221322686917

Andal, R. (2019, September 6). *'Palay Ng magsasaka bilhin n'yo'*. Philstar.com. https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/bansa/2019/09/06/1949557/palay-ng-magsasaka-bilhin-nyo

Blando, Rosemarie C. et.al. (2014). Araling Panlipunan: ASYA: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba. 1st ed. Pasig City.

Bustamante,Eliza D.(2016).Sulyap Sa Kasaysayan ng Asya.Muling Nilimbag.St Bernadette Publishing House Corporation. Quezon City.

*Diktadura*. (n.d.). Wikiwand. https://www.wikiwand.com/tl/Diktadura

*Industriya*. (2012, February 29). Share & Discover Presentations SlideShare. https://www.slideshare.net/DanPauloAmado/industriya

Ki. (2020, November 18). Ano Ang Demokrasya? – Kahulugan at Halimbawa Nito. PhilNews. https://philnews.ph/2020/11/18/ano-ang-demokrasya-kahulugan-at-halimbawa- nito/

Ki. (2020, November 24). *Ano Ang Neokolonyalismo? Kahulugan at Halimbawa Nito*. PhilNews. https://philnews.ph/2020/11/24/ano-ang-neokolonyalismo-kahulugan-at-halimbawa-nito/

Mga Hamon Sa Pagkabansa Ng Pilipinas matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig – Yahoo image search results. (n.d.). Yahoo Image Search. https://ph.images.search.yahoo.com/search/images.

Nicerio, N. A. E. (2021). Araling Asyano: Kamalayang Panlipunan. Abiva Publishing House Inc. Araneta Avenue, Quezon City.

Pang, L., Scheler, M., Buhay, A., Inihanda, P, M. K., Scheler, P. K., Hulma, N., & Sto, A. K. (n.d.). *Lipunang pang-ekonomiya*. SlidePlayer – Upload and Share your PowerPoint presentations. https://slideplayer.com/slide/15824675/. https://slideplayer.com/slide/15824675/.

Pilipino Tayo ay Iisa (2018). Mayaman at Mahirap, Tayo ay Iisa!. https://pilipinotayoayiisa.blogspot.com/

Ser Ian's Class (2023). WORLD WAR 2 | Paano nagsimula, mga kaganapan at naging epekto ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig?. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=zl7CXTExMR4.

Sir Bob. (2020). Pagbangon at Hamon Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=hrpj8bS8kes

Villanueva, Voltaire M. (2018). #ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino. VMV Publishing House. Makati: Bangkal.

Larawang Background Ng Nayon Na May Vector Ng Ilog.

https://ph.pikbest.com/png-images/illustration-village-background-with-river-vector_9092245.html

<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman<br><br>(Mind & Mood)</td><td>Unang Araw<br><br>1.Maikling Balik-aral:<br><br>You Complete Me: Kumpletuhin ang talahanayan ng halimbawa ng mga pangyayari sa kasalukuyang hamon ng pagkabansa.<br><br>
<table>
<tr><th>Politikal</th><th>Pang-ekonomiya</th><th>Pang-kultura at Panlipunan</th></tr>
<tr><td>__________<br>__________<br>__________<br>__________<br>__________<br>__________<br>__________<br>__________<br>__________</td><td>__________<br>__________<br>__________<br>__________<br>__________<br>__________<br>__________<br>__________<br>__________</td><td>__________<br>__________<br>__________<br>__________<br>__________<br>__________<br>__________<br>__________<br>__________</td></tr>
</table>
</td><td>Ang bahaging ito ay elaborasyon ng pagtuturo sa implementasyon ng iba't ibang bahagi ng aralin.<br><br>Ang mga tala ay magiging gabay sa mga guro sa paraan ng presentasyon ng aralin at gawain, mungkahing teksto o lunsaran, kagamitan, at sanggunian, maging ang bahagi sa proseso ng integrasyon. Ang bahagi ring ito ay modipikasyon ng iba't ibang alternatibo para sa pagpapaunlad at pagpapayaman sa aralin. Ang bahaging ito ang magiging daan sa pleksibilidad sa pamamahala ng oras kaugnay ng progreso at pag-angat ng kakayahan ng mga mag-aaral.<br><br>Tanggapin ang lahat ng kasagutan ng mga mag-aaral bilang lunsaran sa bagong paksa.</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin**<br>***(Aims)*** | Natalakay sa unang bahagi  ng aralin ang mga hamong politika sa pagkabansa. Ngayon naman ay ang mga hamong pang-ekonomiya at pangkultural<br>Bilang pambungad, sagutan ang mga pamprosesong katanungan.<br><br>**Isyu Ngayon:(#Magpakatoto ka)**<br>1. Sa iyong palagay, ano ang puno at dulo ng mga hamong pang-ekonomiya sa bansa?<br>2. Paano mo ilalarawan ang kalagayan ng ekonomiya ng bansa sa kasalukuyan?<br>3. Anong gawaing pang-ekonomiko ang dapat bigyang -pansin ng pamahalaan sa kasalukuyan? | Ang mga inisyal na kasagutan ng mga mag-aaral ay magiging bahagi ng pagpapalalim ng talakayan. |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim**<br>***(Tasks and Thought)*** | **Ikalawang Araw**<br>**Kaugnay na Paksa 3: Mga Hamong Pang-ekonomiya**<br><br><br>https://twitter.com/altermidya/status/1712406221322686917<br><br>**1.Proseso ng Pang-unawa**<br>**TANONG-DUNONG (# Katanungan ng Kalinangan):** Ang   sumusunod na katanungan ay maaaring gawing gabay ng sa pagtatalakay ng aralin.<br><br>1. Ano ang napuna sa larawan?<br>2. Alin ang nakapukaw ng iyong pansin at bakit?<br>3. Ano-ano ag mga hamong pang-ekonomiya na makikita sa larawan? | Tanggapin ang lahat ng kasagutan ng mga mag-aaral, subalit dapat ito ay naayon sa paksang naibigay. |




https://slideplayer.com/slide/15824675/




https://slideplayer.com/slide/15824675/

**2.Pinatnubayang Pagsasanay**

Ang mga hamong pang-ekonomiya ay nagbibigay ng pangunahing pagtugon sa pangangailangan ng makatarungan, malayang pagkamit sa mga oportunidad, at tamang suporta mula sa pamahalaan upang mapabuti ang kalagayan ng ekonomiya.

**BUOD-TALA:(#Pagbuuod at Pagtatala): Basahin ang sanaysay at ibuod sa pamamagitan ng pagkumpleto sa mga impormasyon.**

*Pamumuhay sa Dalawang Dulo ng Agwat*

ni Joan F. Alim

Sa paglipas ng mga taon, mas lalong lumalaki ang agwat sa pagitan ng mayaman at mahirap sa ating lipunan. Nakakalungkot isipin na habang ang ilan ay yumayaman at napakalaking bahay ang kanilang tinutuluyan, may mga naiiwan sa laylayan ng kahirapan. Ang mga mayayaman ay nagkakaroon ng mas maraming oportunidad para sa edukasyon, kalusugan, at mas mataas na antas ng pamumuhay. Samantalang ang mga mahihirap ay patuloy na nakakaranas ng kakulangan sa mga pangunahing pangangailangan tulad ng edukasyon, kalusugan, at trabaho. Kailangang itaguyod ang mga programa at patakarang makakatulong sa pagsugpo ng agwat na ito.

Ang sanaysay ay nagpapakita ng agwat ng mayaman at mahirap. Maaaring gumawa ng sariling sanaysay upang maipakita na hawak ng *elit* ang mga pangunahing industriya at sektor ng ekonomiya.

Mga posibleng kasagutan


Pangunahing Isyu-malaking agwat ng mayaman at mahirap

Sanhi- mas maraming oportunidad para sa edukasyon, kalusugan, at mas mataas na antas ng pamumuhay para sa mayayaman

Epekto- patuloy na nakakaranas ng kakulangan sa mga pangunahing

| Buod ng Hamong Pang-ekonomiya | |
|---|---|
| *Pangunahing isyu* | |
| *Sanhi* | |
| *Epekto* | |

**Ikatlong Araw**
**ISYU-SAKTO: (#Isyu, Sanhi, at Epekto)**
Ang mga hamong pang-ekonomiya ay naglalarawan ng mga isyu na nakikita sa komunidad at sa bansa. Ibuod ang bawat hamon sa pamamagitan ng pagkumpleto ng impormasyon.
**1.**




| | |
|---|---|
| *Pangunahing isyu* | |
| *Sanhi* | |
| *Epekto* | |

**2.**

pangangailangan tulad ng edukasyon, kalusugan, at trabaho ang mga mahihirap

**1. Pangunahing Isyu**

Lumalaking agwat sa pagitan ng mayaman at mahirap

**Sanhi**


1.oligarkiya

2.pangkalahatang urban at rural

3.kaguluhan sa politika

**Epekto**


**1.**hawak ng elit ang malaking sektor ng ekonomiya, malaking impluwensiya rin sila sa ekonomiya at politika ng bansa
2.kulang ang oportunidad sa mga pook rural tulad ng malalayong probinsiya at mas maraming oportunidad sa sentrong urban.




______________________________________________________________

______________________________________________________________

| | |
|---|---|
| *Pangunahing isyu* | ______________________________ |
| *Sanhi* | ______________________________ |
| *Epekto* | ______________________________ |




______________________________________________________________

______________________________________________________________

| | |
|---|---|
| *Pangunahing isyu* | ______________________________ |
| *Sanhi* | ______________________________ |
| *Epekto* | ______________________________ |

**2. Pangunahing Isyu**

Hindi maunlad na sektor ng agrikultura

**Sanhi**

1.hindi patas na pamamahagi ng lupain alinsunod sa programang Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP)

2. maliit na sakahan.

3.Mahinang suporta ng pamahalaan sa pagpaparami ng pananim at pagpapaunlad ng teknolohiya

4.mababang kalidad ng imprastruktura at transportasyon

**Epekto**

1. mahinang produksiyon

2.pagkasira ng kapaligiran at likas na yaman.

**2.Pinatnubayang Pagsasanay**
Ang kultura at lipunan ay dalawang magkaugnay na konsepto na naglalarawan ng iba't ibang aspekto ng buhay ng tao sa isang partikular na grupo o komunidad.

Sa isang maliit na bayan sa kanlurang bahagi ng Pilipinas, isang kuwento ng isang mahalagang bahagi ng wika at sining, na nagbibigay-linaw at kagandahan sa pagsasalita, pagsusulat, at pagtatanghal ang naganap. Ang bayan na ito ay kilala sa kaniyang masiglang kultura at tradisyon.

Isang araw, nagkaroon ng malaking pista ang bayan. Ang tahanan ay nagbukas ng kanilang pintuan para sa mga bisita mula sa iba't ibang tribo at komunidad. Ang kapuwa pagtatanghal ng mga tradisyunal na sayaw at kantang nagpapakita ng kahalagahan ng pagkakaisa ay nagdulot ng tuwa at pag-usbong ng diwa ng bayanihan.

Ngunit sa kabilang banda, may mga hamon ding kinakarap ang bayan. Ang kawalan ng trabaho sa ilalim ng isang industriyalisadong mundo ay nagdudulot ng pangamba sa mga puso ng mga mamamayan. Upang malunasan ito, nagtulungan ang mga lokal na negosyante at komunidad upang itaguyod ang lokal na ekonomiya.

Sa paglipas ng panahon, natutuhan ng bayan na ang pagpapapahalaga sa kanilang kultura at pagtutulungan sa mga hamon ng lipunan ay nagbubukas ng pinto tungo sa maunlad na hinaharap. Sa bawat hakbang na kanilang tinatahak, ang bayan ay patuloy na nagiging halimbawa ng pagsulong ng kultura at pagbabago sa ~~L~~lipunan.

*Larawan mula sa:*
https://ph.pikbest.com/png-images/illustration-village-background-with-river-vector_9092245.html



**SALAMIN NG KUWENTO:** (#**Repleksiyon ng Katotohanan**) Basahin ang kuwento at ibuod ang mga hamong pangkultura at pang-ekonomiya**.**

3.mababang kalidad ng mga produkto

**3.Pangunahing Isyu**

Kawalan ng basehang Industriyal

**Sanhi**

1.mahinang pamumuhunan sa mga Makabagong teknolohiya
2.*Job skill mismatch*
3.korapsiyon at pangingikil na nagpapabagal ng paglalakad ng mga *pernit* sa negosyo

**Epekto**

Napipigilan ang pagtaas ng antas ng ekonomiya ng bansa.

Para sa salamin ng kuwento,ipabasa ang kuwento at ipakumpleto ang tsart.




**Ikaapat na Araw**

**3.Paglalapat at Pag-uugnay**

**TAPAT-DAPAT: (#Isyu-Epekto)** Itapat ang mga hamong pangkultural at panlipunan sa mga epekto nito sa bansa.

| Letra ng Sagot | Hamong Pangkultural at Panlipunan | Epekto |
|---|---|---|
| | *1.Globalisasyon* | **K.**Marami sa lipunan ang nakakaranas ng hindi pantay-antay na pagtrato sa iba't ibang sektor tulad ng kasarian,uring etniko, at iba pa. |
| | *2.Automation* | **U.**Ang impluwensiya ng mga dayuhang kultura at modernisasyon ay maaaring magdulot ng pagkawatak -watak ng mga lokal na kultura. |
| | *3.Public Health Crisis* | **L.** Ang mabilis na pag-usbong ng makinarya at teknolohiya ay maaaring magdulot ng mas malalim na epekto sa ekonomiya na maaaring magdulot ng kawalan ng trabaho at pag-usbong ng bagong isyu sa lipunan. |

Ipasagot sa mga mag-aaral ang paglalapat at pag-uugnay

**SUSING SAGOT:**

| | | |
|---|---|---|
| | *4.Migrasyon* | **T.**Ang patuloy na pagbabago sa klima ay nagdudulot ng malalang epekto sa kalikasan at sa pamumuhay ng tao. Ito ay nagreresulta sa pag-angat ng antas ng karahasan, migrasyon, at kawalan ng seguridad sa pagkain. |
| | *5.Diskriminasyon* | **U2**. Ang pagtaas ng pagpasok at paglabas ng mga dayuhan, lalo na sa mga bansang apektado ng digmaan,kahirapan,o kalamidad, ay maaaring magdulot ng mga kultural na isyu at pagtanggap sa ibang kultura. |
| | *6.Climate change* | **R.** Ang mga hamon sa pangkalusugan katulad ng epidemya at iba pang sakuna ay maaaring magkaroon ng mas malalim na epekto sa kalusugan, ekonomiya, at pangkalahatang kaayusan sa lipunan. |
| | *7.Political instability* | **A.** Ang hindi pagkakasundo ng mga namamahala sa gobyerno sa ilang mga bansa ay maaaring magdulot ng kaguluhan, kahirapan, at pagbagsak ng ekonomiya. |

1. U
2. L
3. R
4. U2
5. K
6. T
7. A

**D. Paglalahat**

***(Abstractions)***

***Exit Poll Chart* (#3-2-1)** Ibigay ang lahat ng hinihingi sa 3-2-1

**3** Anong tatlong hamong pang-ekonomiya ang nakaaapekto sa kasalukayang kalagayan ng bansa?


________________________
________________________
________________________
________________________
________________________
________________________
________________________
________________________
________________________

**2** Anong dalawang kongkretong bagay ang iyong ginagawa sa kasalukuyan upang matugunan ang mga hamong pang-ekonomiya?

________________________
________________________
________________________
________________________
________________________
________________________
________________________
________________________

**1** Anong isang magandang epekto ang alam mong malinaw na natatamo ng iyong ginagawang pakikilahok para matugunan ang mga hamong kultural at bakit?

________________________
________________________
________________________
________________________
________________________
________________________
________________________

| | | |
|---|---|---|
| | ***Kumpletuhin ABK ng kasanayan***<br> *Ang aking kalakasan sa talakayan*<br> *Babalik-balikan na karunungan*<br> *Kahinaan na dapat linangin* | |
| **E. Pagtataya**<br>***(Tools for Assessment)*** | **Pagsusulit**<br><br>***CHECKLIST:*** Lagyan ng tsek ang bilang na naglalahad ng mga epekto ng mga hamong pampolitika, pang-ekonomiya at kultura. Pagkatapos ay itiman kung aling hamon ito nabibilang. P-para sa politika, E-para sa ekonomiya, at K-para sa kultura. | **SUSING SAGOT:**<br>1. ✓-E<br>2. -P<br>3. ✓ -L<br>4. ✓ -E<br>5. ✓ -P<br>6. ✓ -E<br>7. ✓ -P<br>8. ✓ -L<br>9. ✓ -E<br>10. -P<br>11.✓ -E<br>12. -P<br>13.✓ -L<br>14.✓ -L |

| ✓ | P | E | K | Mga Epekto |
|---|---|---|---|---|
| | | | | 1.Pagbuti ng kabuhayan ng mga katutubong Asyano |
| | | | | 2.Pagkakaroon ng pamahalaan |
| | | | | 3.Pagtaguyod ng mga karapatan ng mga katutubo |
| | | | | 4.Pagtatayo ng mga imprastraktura gaya ng kalsada, tulay, at riles ng tren |
| | | | | 5.Politikal na unipikasyon ng bansa |
| | | | | 6.Pagsibol ng elitistang pangkat |
| | | | | 7.Hidwaan sa pagitan ng mga bansa |
| | | | | 8.Pag-iral ng diskriminasyon ng lahi |
| | | | | 9.Pagsibol ng mga industriya ng paggawa |
| | | | | 10.Panunungkulan ng mga katutubo sa mga mataas na posisyon sa pamahalaan |
| | | | | 11.Paglinang ng likas na yaman |
| | | | | 12.Pagkakaroon ng politikal na hangganan |
| | | | | 13.Pagbuti ng sistema ng komunikasyon |
| | | | | 14.Pagsibol ng liping intelektuwal |
| | | | | 15.Pantay na pamamahagi ng yaman |

**Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**

Matapos mong matutuhan ang mga konsepto at impormasyon tungkol sa paksang aralin at masagutan ang mga gawain kaugnay dito, ikaw ngayon ay inaasahang susulat ng isang liham sa mga opisyal sa gitna ng iba't ibang hamong politika, ekonomiya, at kultura.

Gumamit ng isang puting papel para rito, maaari itong *encoded* o *handwritten.*

Maaaring sumangguni dito para sa *format* at halimbawa ng isang liham:


| *Pamantayan* | *Mahusay ang kalidad* | *Sapat ang kalidad* | *Pagbutihin ang kalidad* | *Hindi naipakita ang kalidad* |
|---|---|---|---|---|
| Pagsusuri sa kahalagahan ng pagkabansa sa gitna ng iba't ibang hamong | Ang liham ay mahusay na nasusuri sa kahalagahan ng pagkabansa sa | Ang liham ay sapat na nasusuri sa kahalagahan ~~ng~~ ng pagkabansa | Ang pagsusulat ng liham ay hindi sapat na nasusuri sa kahalagahan ng | Hindi nasuri ang kahalagahan ng |

15. -E

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | politika, ekonomiya, at kultura.<br><br>(10 puntos) | gitna ng iba't ibang hamong politika, ekonomiya, at kultura.<br><br>(10 puntos) | sa gitna ng iba't ibang hamong politika, ekonomiya, at kultura.<br><br>(8 puntos) | ng pagkabansa sa gitna ng iba't ibang hamong politika, ekonomiya, at kultura.<br><br>(6 puntos) | pagkabansa sa gitna ng iba't ibang hamong politika, ekonomiya, at kultura.<br><br>(4 puntos) | |
| | Organisasyon at pagkakaisa ng mga ideya<br><br>(5 puntos) | Maayos at kumpleto ang organisasyon at pagkakaisa ng mga ideya sa kahalagahan ng pagkabansa sa gitna ng iba't ibang hamong politika,ekonomiya at kultura.<br><br>(5 puntos) | Hindi masyadong maayos at may kakulangan sa organisasyon at pagkakaisa ng mga ideya sa kahalagahan ng pagkabansa sa gitna iba't ibang hamong politika ekonomiya at kultura.<br><br>(4 puntos) | Maraming dapat ayusin at kakulangan sa organisasyon at pagkakaisa ng mga ideya sa kahalagahan ng pagkabansa sa gitna iba't ibang hamong politika,ekonomiya at kultura.<br><br>(3 puntos) | Walang kaayusanat maraming kakulangan sa organisasyon at pagkakaisa ng mga ideya sa kahalagahan ng pagkabansa sa gitna iba't ibang hamong politika,ekonomiya at kultura.<br><br>(1 puntos) | |
| | *Format*<br><br>(5 puntos) | Mahusay ang *format* na ginamit sa pagsusulat ng liham.<br><br>(5 puntos) | Sapat ang *format* na ginamit sa pagsusulat ng liham.<br><br>(4 puntos) | Pagbutihin pa ang pagsunod sa *format* ng pagsusulat ng liham.<br><br>(3 puntos) | Hindi nasunod ang tamang *format* sa pagsusulat ng liham.<br><br>(1 puntos) | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Kabuoan (20 puntos)** | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **F. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | |
| | *Estratehiya* | | | |
| | *Kagamitan* | | | |
| | *Pakikilahok ng mga Mag-aaral* | | | |
| | *At iba pa* | | | |
| **G. Pagninilay** | ***Gabay sa Pagninilay:***<br>*Itala ang mga naging balakid sa pagtuturo ng paksa , mga naging kagalingan at namasdang epekto.* | | | |

| | | |
|---|---|---|
| | Balakid<br>Kagalingan<br>Namasdang Epekto | |